



Isang Kakatwang Ugnayan

Hunyo 26, 2013

ni Lois Greisman

Pumapangalawang Direktor, Dibisyon ng mga Gawain ng Pagmemerkado, FTC

Higit mo bang pinagkakatiwalaan ang mga tao kung sila ay kagaya mo, o bahagi ng iyong komunidad? Ito ang iniisip ng mga scammer. Araw-araw, sinasamantala nila ang ganoong hindi namamalayang pagtitiwala.

Ang tawag dito ay “panlilinlang sa kaugnayan” — kapag ginagamit ng isang tao sa isang grupo ang kanilang pagkamiyembro upang linlangin ang ibang miyembro. Isipin ang mga panrelihiyon, etniko, o propesyonal na grupo. Maaari ka bang pumayag na higit pang marinig ang tungkol sa isang deal kung ang isang miyembro ng iyong simbahan ang humiling sa iyo nito? O tumanggap ng payo mula sa isang taong nagsasalita ng parehong wika?

Sa pamamagitan ng Kolaborasyon sa mga Legal na Serbisyo ng FTC, nakarinig na kami ng mga ganoong kaso. Ayon kay Dan Choi, isang abogado sa tanggapan ng Legal Aid Justice Center sa Northern Virginia, "Ang aming mga imigranteng kliyente ay karaniwang handa at mabilis magbigay ng espesyal na pagtitiwala sa ibang taong kapareho nila ng wika, kultura, at mga pisikal na katangian. Sa ilang mga kaso, ang kapwa miyembro ng komunidad na ito ay pumupunta sa parehong simbahan at pareho ang mga kakilala. Sa ibang mga kaso, ang kapwa miyembro ng komunidad na ito ay isang ganap na estrangherong daan-daang milya ang layo."

Sa oras na mangyari ang panlilinlang sa kaugnayan, nagiging kumplikado ito para sa mga nalilinlang. Ayon kay Choi, marami sa kanyang mga kliyente ang walang kaalaman o kakayahan sa wika upang humingi ng tulong. Gawain ng ilang imigrante na iwasan ang pag-uulat ng panlilinlang sa tagapagpatupad ng batas — marahil batay sa kanilang mga karanasan sa bansang kanilang pinagmulan — at, wika ni Choi, “mayroon ding presyur sa sila-sila lang mismo sa komunidad ang lulutas sa problema.”

Kaya, ano ang gagawin? Kapag nakakarinig ka ng tungkol sa isang "napakagandang" deal:

- **Huwag magpadalus-dalos.** Hindi mo gugustuhin ang kahit anong deal na mag-aatas sa iyong kumilos na **ngayon**. Kaibigan mo ang panahon. Gamitin ito.



FEDERAL TRADE COMMISSION PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

- **Huwag sumunod sa agos.** Maaari kang makarinig ng mga pangako ng mga garantisadong resulta ([kita para sa iyong pinuhunan](#), o ang [pangako ng legal na katayuang pang-imigrasyon](#), halimbawa). Maaaring marinig mo rin na ang mga resulta ay walang panganib. Hindi ito totoo. Kung may nagsasabi sa iyo ng alinman sa mga ito, ito ay nangangahulugang nakakakita ka ng isang scam
- **Gawin itong nakasulat.** Bago mo ibigay ang iyong pera, tingnan ang mga nakasulat na tuntunin ng deal. Pagkatapos ay maglaan ng oras at pag-aralan. Ang mga tuntunin ba ay ang iyong inaasahan?
- **Alamin.** Sinuman ang nag-aalok ng deal, gawin ang dapat mong gawin. Makipag-usap sa iba. Magsaliksik tungkol sa kumpanya online at hanapin ang mga reklamo ng mamimili. Ang pinakamahalaga, makakabuti ba sa iyo ang deal na ito? Makakayanan mo ba ang mawawala sa iyo kung hindi ito magtatagumpay gaya ng ipinangako?
- **Iulat ito.** Maaari lamang imbestigahan ng FTC ang mga scam na alam nito. Kapag ipapaalam mo sa amin na may pinaghihinalaan kang scam, maaari kang makatulong sa pagprotekta sa ibang nasa iyong komunidad. Pumunta sa [ftc.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint) to upang iulat ang mga scam.

Dumarating man ang isang "oportunidad" mula sa iyong kapitbahay, miyembro ng pamilya, isang taong taga-simbahan o taga-bayan mo, o isang taong nagsasalita ng iyong wika, ang paggawa ng mga hakbang na ito ay makakatulong sa iyong hawakan ang iyong pera, at mailayo ito mula sa mga scammer.

May tag ng: [imigrasyon](#), [mamuhunan](#), [scam](#)

Mga Paksa ng Blog:

[Pera at Kredito \(Money & Credit\)](#), [Mga Tirahan at Mortgage \(Homes & Mortgages\)](#), [Mga Trabaho at Paraan para Kumita ng Pera \(Jobs & Making Money\)](#)